LEVEL 2

# Leveled Reader
in Filipino

# Mga Kulay ng Kalikasan!



Isinulat at iginuhit ni Bulbul Sharma



Nakita ko ang isang bughaw na paruparo na masayang kumakaway.



Nakita ko ang isang dilaw na bubuyog na umiinom ng tsaa sa tasa.



Nakita ko ang isang pulang isda na nakahain sa mesa.



Nakita ko ang isang berdeng palaka na nakikipaglaro sa tuta.



Nakita ko ang isang kahel na bibe na naghahangad sa akin ng kabutihan.



Nakita ko ang isang lilang bulaklak na sumasayaw kasama ang uod.



Nakita ko ang isang kulay abo at itim na pusa na may suot na sumbrerong kulay kahel.



Nakita ko ang isang kulay abo at kayumangging daga na nagtatago sa tahanang kulay rosas.



Nakita ko ang isang kulay pula at ubeng aso na nakasuot ng bota.



Nakita ko ang isang berdeng tipaklong na nagbabasa ng diyaryong may kulay itim na tinta.



Nakita ko ang isang
kulay itim na kambing na
naglalayag gamit ang isang
pulang bangka.



Nakita ko ang kulay berde at kayumangging buwaya na nakangiti sa akin.



Nakita ko ang isang kulay itim at bughaw na ahas na kumakain ng kapirasong keyk.



Nakita ko ang isang dilaw
at pulang inahing manok
na nagsusulat gamit ang
bolpen.



Nakita ko ang isang kulay kahel, dilaw, at itim na tigre na nakatayo sa sapa.



Nakita ko ang iba't ibang masasayang kulay sa aking paligid.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation